



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Oktubre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

ANG DEADLINE PARA HUMILING NG BALOTANG PANGKOREO AY SA IKA-30 NG OKTUBRE

Maglaan ng Sapat na Oras sa Mahabang Balota, Iwasan ang mga Pila sa mga Botohan

Bilang resulta ng maraming bilang ng mga kontest sa Ika-6 ng Nobyembre na Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon, ang mga nakarehistrong botante sa County ng San Diego ay makatanggap ng dalawang-kard na balota. Ang mga kontest ay nakalista sa harap at likod ng bawat pahina. Isinaalang-alang ang haba ng balota, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay hinihikayat ang mga botante na magplano ng maaga at magtipid ng oras sa pamamagitan ng paghiling ng balotang pangkoreo.

Para bumoto nang kumportable sa inyong tahanan, kayo ay kinakailangang humiling ng isang balotang pangkoreo sa o bago mag-Martes, Ika-30 ng Oktubre. Ayon sa batas ng estado, ang mga aplikasyon ay dapat pisikal na matanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas ng ika-5 ng hapon sa Martes, Ika-30 ng Oktubre. Hindi ito maaaring may postmark lamang sa petsang iyon.

Maraming paraan upang mag-aplay para sa balotang pangkoreo:

- Kumpletuhin ang aplikasyon sa likod ng pamphlet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante.
- Mag-download ng [aplikasyon](#) sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante.
- Mag-email, mag-fax o magpadala ng sulat sa Tagapagrehistro ng mga Botante. Ang kahilingan ay dapat may pangalan ninyo, adres ng tirahan, pangalan at petsa ng eleksyon, ang adres kung saan ipapadala ang balota, at ang inyong pirma. Kung ipapakoreo ang inyong hiling, ipadala ito kaagad.

Ang mga aplikasyon at mga sulat ay maaaring i-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov, i-fax sa (858) 694-2955 o ipadala sa Registrar of Voters sa P.O. Box 85520, San Diego, CA 92186-5520.

- Tumawag sa (858) 565-5800. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay tumatanggap na ngayon ng mga kahilingan para sa balotang pangkoreo sa telepono. Ang kahilingan ay maaari lamang para sa kasalukuyang eleksyon at dapat ang nakarehistrong botante mismo ang tumawag.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Oktubre, 2018

Kapag nakuha ninyo ang inyong balotang pangkoreo, markahan at ipadala ito agad. Ang mabilis na pagbalik ng mga balotang pangkoreo ay pinapabilis ang proseso ng pangkabuuang pagbibilang dahil sila ay maihahanda bago ang Araw ng Eleksyon, na nakakapagtipid ng oras at mga dolyar ng nagbabayad ng buwis.

“Ang ibinalik na mga balotang pangkoreo ay ipoproseso na kaagad kaya sa pagpatak ng ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, maaari na naming simulang bilangin ang mga ito,” sabi ng Tagapagrehistro na si Michael Vu. “Ang mga resultang iyon ay ilalabas ilang minuto lang pagkatapos. Gaya ng kahit anong eleksyon, kung maraming balota ang naproseso simula pa lang, mas mabilis ang resulta ng eleksyon.”

Sa mga hindi na aabot sa deadline ng balotang pangkoreo, maaari kayong bumoto nang personal sa Tagapagrehistro ng mga Botante, na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123 sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes hanggang sa Araw ng Eleksyon, kung kailan magbabago ang mga oras ng botohan mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi upang sumalamin sa mga oras sa mga lugar ng botohan. Ang Tagapagrehistro ay magbubukas din sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre para sa weekend voting. Ang mga botante ay maaari ring bumoto sa kanilang naitakdang lugar ng botohan sa Ika-6 ng Nobyembre.

Ang mga botanteng permanenteng bumoboto-sa-koreo ay hindi na kailangang mag-aplay muli. Ang kanilang mga balota ay awtomatikong ipapadala.

Para sa mga botanteng kailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales ng eleksyon ay makukuha rin sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER  